

Taon XXXIX Blg. 24 Disyembre 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Lalong inutil na "pagpapalawig" sa CARP

uwad ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa 20 taong pagsasakatuparan nito, nanatiling konsentrado ang malalawak na lupain sa kamay ng iilan. Binigyang-daan nito hindi ang pagpapalaya sa masang magsasaka, kundi ang higit pang rekonsentrasyon ng pag-aari sa lupa sa kamay ng mga luma at bagong malalaking panginoong maylupa. Lalo pa nitong ibinaon ang

mga magsasaka sa kahirapan at pagkaapi bunsod ng itinaguyod rin nitong maka-imperyalistang liberalisasyon sa agrikultura. Ibayo pang nabundat ang mga naghahari sa Malacañang sa pangungurakot sa pondo ng CARP.

Walang pinakinabangan ang masang magsasaka sa CARP sa buong panahon ng pagsasakatuparan nito. Lalong wala silang pakikinabangan sa pagpapalawig nito nang anim pang buwan. Walang ibang nilalayon ang Kongreso sa pagpapalawig nito kundi ang limasin ang natitira pa nitong pondong nakalaan sa umano'y mga "serbisyong pang-agrikultura."

Napakalaking kabulastugan ang resolusyon ng Kongreso na yaon na lamang mga lupaing boluntaryong isasailalim ng mga asendero sa CARP ang sasaklawin ng pagpapalawig nito. Tuluyang inilibre na sa CARP ang malalaking asendero na tu-

mututol na magpasaklaw dito. Nanguna sa pagtutulak ng ibayo pang pagkapon sa CARP ang kongresistang anak ni Gloria Arroyo na si Mikey. Pinakalayunin ng Malacañang na ilibre sa CARP ang malalawak na tubuhan ng mga Arroyo sa Negros na plano nilang gamitin sa paggawa ng *bio-ethanol*. Bunga nito, asahang dadagsain ang Department of Agrarian Reform ng mga



Mga tampok sa isyung ito...

Kampanyang kontracha-cha, sumusulong

Rehimeng Arroyo, hinatulan ng UNHRC PAHINA 7 Tigil putukan nitong Pasko, idineklara ng PKP PAHINA 11 sion at iba pang pagdadahilan para maiiwas din ang kanilang mga lupain sa CARP.

Nagkakalat ng ilusyon ang mga repormista nang igiit nila ang "pagpapalawig ng CARP na may mga reporma." Pinaaasa nila ang masang magsasaka na may pakinabang o katubusan pa silang makukuha sa napatunayan nang huwad at maka-asenderong CARP, at ihahatid ang katubusang ito ng isang Kongreso na binubuo sa kalakhan ng malalaking panginoong maylupa.

Ang katotohanan ay batid ng mga progresibong mambabatas na nagtutulak ng naiibang Genuine Agrarian Reform Bill (GARB). Kaiba sa CARP, iginigiit ng GARB ang libreng pamamahagi ng lupa. Kaiba rin sa CARP, may mga probisyon ang GARB para tiyaking hindi mawawala sa mga magsasaka ang kanilang lupa at hindi na ito maaagaw pang muli ng malalaking panginoong maylupa.

Kung walang pag-asa ang pagrereporma sa huwad na ngang CARP, lalong mahirap pang asahang mapagtitibay ang GARB ng isang batasang pugad ng mga asendero. Ang tagumpay sa pagtutulak ng GARB ay hindi magmumula sa pagpapasa nito, kundi sa paghahapag nito sa malawak na publiko ng mahigpit na kahilingan ng uring magsasaka para sa lupang masasaka, at sa pagbatikos sa pyudal at malapyudal na pang-aapi sa kanayunan. Nilalantad nito ang anti-magsasaka at anti-mamamayang le-

hislatura at ang bulok na reaksyunaryong naghaharing estado at sistema sa bansa.

Ang problema ng mga magsasaka sa lupa ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa mga lugar sa kanayunan kung saan nakatanim na at sumusulong ang bagong demokratikong rebolusyonaryong kilusan, ang rebolusyong agraryo ay antas-antas na ipinatutupad kaagapay and paglulunsad ng armadong pakiki-

baka at pagtatatag ng rebolusyonaryong kapangyarihan. Baha-bahaqing winawasak ng mga ito ang reaksyunaryong kapangyarihan ng uring malaking panginoong maylupa at kaalyado nitong iba pang naghaharing uri, at kapalit ay itinatayo ang demokratikong kapangyarihan ng mamamayan.

Sa panimulang yugto ay ipinatutupad ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo. Sangkap

nito ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura, pagpapataas sa sahod ng

> mga manggagawang bukid, makatarungang pagpapataas ng presyo ng mga produkto ng mga magsasaka, pagtatayo ng mga simpleng anyo ng koopera-

tiba at pagpapataas sa produktibidad ng mga magsasaka. Sa mga lugar na mas abante na ang rebolusyonaryong kilusan at lubhang napahina na ang armadong pwersa ng kaaway sa malawak na saklaw, maaari na ring ipatupad hanggang sa ka-

kayaning antas ang maksimum na programa ng rebolusyong agraryo. Kinabibilangan ito ng kumpiskasyon ng mga lupain ng mga sagadsaring despotiko at mga lupaing inabandona na ng malalaking panginoong maylupa, nasyunalisasyon ng mga lupaing ito at pagbibibigay ng karapatan sa mga magsasakang wala o kulang ang lupa na bungkalin ito.

Sa mga lugar na umaani na ng mga tagumpay ang rebolusyong agraryo at bagong demokratikong rebolusyon, ang pagpawi sa pyudalismo at malapyudalismo ay hindi hungkag na pangarap kundi kongkretong tagumpay ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masang magsasaka. Tuluyang magwawakas ang pyudal at malapyudal na pangaalipin sa masang magsasaka sa ganap na pagtatagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon. Mg



Taon XXXIX Blg. 24 Disyembre 21, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Inutil ang pagpapalawig ng CARP	1
Rekonsentrasyon ng lupa sa CV	3
pang-aagaw ng lupa	3
Kampanyang kontra-chacha	4
OBL sa Quezon	6
Arroyo, hinatulan ng UNHRC	7
Panukala para sa karapatang-tao	8
Balitang pangkarapatang-tao	9
Usapang pangkapayapaan	10
Tigil-putukan sa pasko	11
Balita sa mga bihag-ng-digma	11
Mga aksyong-militar ng BHB	12
Mga opensiba ng MILF	13
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Rekonsentrasyon ng lupa sa Cagayan Valley

umalala ang unti-unting rekonsentrasyon ng mga lupain sa kamay ng mga bagong tipong panginoong maylupa sa Cagayan Valley. Na-iilit ang mga lupa ng mga magsasaka o kaya'y naoobliga silang magbenta nito dahil hindi na nila mabayaran ang kanilang mga inutang.

Nagpapaligsahan sa pang-aagaw ng mga lupa ang malalaking usurero-komersyante, at kahit yaong maliliit na nagpapautang na karamihan ay mga garantor sa mga baryo. Ang mga usurero-komersyante ang siyang nagpapalaganap ng mga tanim na nakaasa sa abono at pestisidyo, naniningil ng mataas na upa sa lupa at *input* sa pagsasaka habang pinananatiling mababa ang presyo ng mga produkto.

Higit na pinabibigat ng maliliit

na usurero na kinakatawan ng mga garantor sa baryo (karaniwan ay mayayamang magsasaka at ilang mataas na panggitna) ang pautang sa pamamagitan ng patong na 5-15% bawat tagtanim at pagpapataw ng compounded na interes (ibig sabihin, ang pagkwenta ng kabuuang utang ay ibinabatay sa pinagsamang halaga ng prinsipal at interes na hindi pa nababayaran). Obligado rin silang sa garantor magpagiik at magpahakot ng produkto, at mag-

trabaho sa lupain ng garantor.

Bunga nito, kadalasang naiilit ang lupa kapwa ng mga panggitna at maralitang magsasaka. Kasabay ito ng pag-ilit sa lupain ng mga dati nang nakapaloob sa PD 27, CARP, at programang stewardship ng reaksyunaryong gubyerno. Sa Isabela, patulov na binabawi ang CLOA ng magsasaka sa 13,085ektaryang Hacienda San Antonio-Santa Isabel. Itinakda ito noong 2007 para bigyang-daan ang provekto ng San Miguel Corporation na pagpapatanim ng kamoteng kahoy.

Matabang lupa sa paglaban ng magsasaka ang mga proyekto ng gubyerno't kasabwat nila na mapang-agaw at mapagsamantala. Tuluy-tuloy ang paglaban ng masang magsasaka sa Cagayan Valley upang igiit ang karapatan sa lupang ikinabubuhay.

Pang-aagaw sa lupa

Lalong lumalala ang pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka sa Caga-yan Valley bunsod ng pinakabagong mga anti-mamamayang proyekto ng gubyerno at dayuhang korporasyon.

Proyektong agribisnes at pagmimina. Sa prubinsya ng Isabela, pansamantalang natigil ang pagpapatanim ng kamoteng kahoy dahil sa malakas na pagtutol ng mamamayan. Subalit may papalit na namang proyektong may kaakibat na pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka.

Sa San Mariano, magpapatanim ng tubo ang Green Future Innovations, Inc., isang kumpanyang Pilipino at Hapon na nagmamanupaktura ng ethanol. Sasaklawin nito ang 6,000 hanggang 35,000 ektaryang lupain sa mga barangay ng Panninan, Binatuq, Alibadabad, Dipusu at

nubungkal ng mga magsasaka ang sinasabi ng gubyernong "tiwang-wang" na lupain na tatamnan ng tubo. Nakaamba ring pagtamnan ng tubo ang mga barangay na sakop ng mga bayan ng Ilagan at Benito Soliven. Kalaunan, target ng Green Future Innovations, Inc.

na itayo ang isang distillery

plant nito sa Barangay Ali-

badabad.

Sa prubinsya ng Cagayan, sa mga bayan ng Gattaran at Allacapan unang magpapatanim ng tubo sa mga magsasaka sa ilalim ng contract-farming ng Pampanga Industrial Park Inc. Gagamitin ang tubo bilang hilaw na materyal sa produksyon ng ethanol.

Samantala, sa timog Isabela at prubinsya ng Quirino, itinutulak ng mga lokal na pamahalaan ang pag-



Libertad. Ilang dekada nang bi-

saklaw na mga lupa, at saka magtatayo ng mga kooperatiba. Sinimulan na sa bayan ng San Guillermo, sa pangunguna nina Rep. Faustino "Bojie" Dy III at Mayor Edgar Guyud ang pagbuo ng isang kooperatiba. Ikinakampanya naman ni Mayor Virgilio Padilla ng San Agustin ang pagtatanim ng kamoteng kahoy sa ilang baryo sa bayan nila, gayundin ni Gob. Dakila "Dax" Cua sa Quirino.

Daanlibong ektarya rin ang inaagaw na lupa ng mga kumpanya sa pagmimina. Sa Isabela pa lamang, sumasaklaw ang mga aplikasyon sa pagmimina ng 45,151 ektarya na tiyak na makaaapekto sa kabuhayan ng libu-libong mamamayang Isabelino.

Kasalukuyan ding isinasagawa ang pagmimina sa buong hilagang Cagayan (mula sa bayan ng Sta. Ana hanggang Claveria). Dahil sa konstruksyon ng pier sa Sta. Ana sa ilalim ng Cagayan Export Zone Authority ng pamilyang Enrile, lalo pang lumawak ang quarrying operations na sumisira sa mga lupaing ikinabubuhay ng mga magsasaka. Sa itinatayo ring paliparan sa nasabing bayan, sapilitang binibili ang mga sakahan ng magsasaka sa halagang ₱11,000 kada ektarya.

"Proyektong pangkaunlaran" ng gubyerno. Patuloy ding iginigiit na maipatupad sa rehiyon ang umano'y mga proyektong pangkaunlaran na nakasisira sa kalikasan at perwisyo sa libu-libong mamamayan.

Sa Isabela, mapapalayas ang isang buong komunidad ng mga Agta sa itatayong dam sa San Mariano. Marami ring maitataboy na pamilya sa pagtatayo ng hydroelectric plant sa Pared River, Baggao, Cagayan.

Kampanya kontra "cha-cha," sumusulong

Tmabot sa 15,000 mamamayan mula sa iba't ibang sektor ang dumalo noong Disyembre 12 sa malawakang rali laban sa cha-cha sa Makati City. Mahigit 70 organisasyon, partido at personaheng lumahok sa rali ang nagpahayag ng kolektibong sentimyento ng bayan: "Tama na, Piqilan na si Gloria, Tapusin na ang Cha-cha."

Natipon sa rali ang mga kinatawan ng simbahang Katoliko at iba pang relihiyosong organisasyon tulad ng El Shaddai at Jesus Is Lord Movement at malalaking negosyante, mga partido pulitikal, mga demokratiko at progresibong sektor. Maging ang dalawang kilalang konserbatibong arsobispo na sina Gaudencio Cardinal Rosales ng Maynila at Ricardo Cardinal Vidal ng Cebu ay nagpahayag na rin ng pagtutol sa pakanang cha-cha ni Arroyo.

Panimulang pagsabog ng galit ng bayan ang naganap na kilosprotesta sa Makati. Nakikinita na lalaki, lalawak at iigting pa ang mga protesta sa susunod na mga linggo sa desperadong pagpupumilit ng pamilyang Arroyo at mga alipures nila na baguhin ang saligang batas para lamang makapanatili si Arroyo sa poder.

Sa sobrang takot sa mga pagkilos ng taumbayan, tinawag ng

Malacañang sa pambansang kabisera ang libu-libong mga pwersang panseguridad mula sa Ilocos, Cagayan Valley, Central Luzon, Southern Luzon at Bicol. Bisperas pa lamang ng nakatakdang pagkilos sa Makati ay bantay-sarado na ang Malacañang. Kinabukasan, alas-8 ng umaga ay ipinakat na ang 4,700 tropa ng pulis sa Metro Manila maliban pa sa nakaistambay na karagdagang 3,000 pwersa ng pulis at militar mula sa mga rehiyon at NCR Command.

Inireklamo ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang harasment na ginawa ng mga pulis para mapigil o maantala ang pagsapi ng mamamayan sa aksyong protesta sa Makati. Inaresto ng mga pulis sa Cubao, Quezon City ang mga aktibistang kasapi ng Muslim-Christian Alliance habang nagmamartsa ang mga ito patungong Makati. Hinarang din nila sa North Luzon Expressway (NLEx)



ang isang bus mula sa Bataan. Kabilang sa mga nakasakay dito ang mga pwersa nina Bishop Socrates Villegas. Mas maaga rito ay sinubukang pigilan ng Special Action Force (SAF) na makapasok sa Maynila ang delegasyon nina Fr. Joe Dizon ng Solidarity Philippines na nagmula pa sa Cavite.

Nagpakalat din ng saywar ang Malacañang na dapat umano bantayan ng mga aktibista ang kanilang hanay dahil mayroon daw nasagap na planong isasabotahe ito. May ikinalat ding kwentong lilikidahin ang sinumang personahe na may balak kumandidatong presidente na dadalo sa nakatakdang rali.

Samantala, ang pag-aatrasabante ngayon ng iba't ibang personahe sa naghaharing pangkatin hinggil sa "con-ass" ay nakaugat sa kanilang takot sa namumuo nang lakas ng taumbayan laban sa pakanang palawigin pa ang paghahari ni Arroyo.

Isang araw makaraang ilunsad ang rali sa Makati City, nagpahayag si Majority Floor Leader Arthur Defensor, isa sa mga pangunahing lider ng naghaharing koalisyong Lakas-CMD, na bibitawan na nila umano ang "con-ass." Nagpasa naman ang Senado ng resolusyon laban sa "con-ass" at nilagdaan ito ng 23 senador, kabilang si Senate President Juan Ponce Enrile, isang masugid na alyado ni Arroyo.

Pansamantalang itinigil ang mga debate hinggil sa cha-cha sa Kongreso subalit determinado ang mga alipures ni Arroyo na ituloy ito sa Enero kung kailan inaasahan nilang huhupa na umano ang galit ng mamamayan.

Mali ang akala ng pangkating Arroyo. Tiyak na sasalubungin ng pinag-ibayo pang mga protesta ang pagpapatuloy ng kanilang mga pakana para palawigin ang hawak ni Arroyo sa kapangyarihan.

Mga pagkilos sa mga rehiyon

Kabilang sa malawakang kampanya laban sa cha-cha ang iba't iba pang pagkilos na inilunsad sa Metro Manila at mga lalawigan nitong ikalawang linggo ng Disyembre:

Disyembre 12. Sa Maynila, bago ilunsad ang malaking rali sa Makati City ay pinamunuan ni Mayor Alfredo Lim noong umaga ang isa pang rali kontra cha-cha sa monumento ni Andres Bonifacio sa Liwasang Bonifacio. Dinaluhan ito ng daan-daang mga guro at mga empleyado ng Manila City Hall. Lumahok din ang mga estudyante mula sa mga unibersidad sa Maynila.

Sa Southern Tagalog (ST), naglunsad ng koordinadong noise barrage at iba pang mga aksyong masa ang BAYAN-ST. Sabay-sabay na protesta ang inilunsad sa Los Baños, Calamba City, Lucena City at Batangas City. Sa Cavite, hinarang ng mga pulis ang 200 kasapi ng mga organisasyong kontra cha-cha.

Sa Panay, isinagawa ang tatlong minutong sabayang pagbubusina ng mga kasapi ng Pinagisang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) bago simulan ang martsa ng koalisyong "Stop Gloria's Cha-cha Now" sa Iloilo City. Dinaluhan ito ng 1,500 katao kabilang si Archbishop Angel Lagdameo ng Jaro at pinuno ng Catholic Bishops Conference of the Philippines.

Sa Negros, kinausap ni Mike Velarde, lider ng El Shaddai, ang ilang kongresman at iba pang mga upisyal ng lokal na gubyerno na huwag suportahan ang planong pagbabago sa konstitusyon.

Disyembre 10. Isinabay ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at iba pang progresibong organisa-

syon ang mariing pagtutol sa cha-cha sa kanilang paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-Tao sa Metro Manila, Baguio, Central Luzon, Southern Tagalog, Bicol, Panay, Cebu, Davao at Cagayan de Oro.

Sa Negros Occidental, limang araw na nagmartsa mula Disyembre 5 and mahigit 1,000 manggagawa at magsasaka mula Escalante City tungong Bacolod City. Ayon sa National Federation of Sugar Workers-Food and General Trades (NFSW-FGT), ang kanilang 95.6-kilometrong lakbayan ay ekspresyon ng kanilang buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa lupa, sahod, karapatang-tao at laban sa chacha. Dumating sila sa Bacolod Public Plaza noong Disyembre 9 ng gabi at sumanib sa libulibong dumalo sa interfaith rally na nilahukan din ni Bishop Vicente Navarra ng Diocese of Bacolod.

Sa Negros Oriental, tinutulan din ng Kapunongan Alang sa Ugma sa Gagmay nga Mag-uuma sa Oriental Negros ang balaking palawigin pa ang paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Kasabay nito, iginigiit nila ang pagpasa ng Genuine Agrarian Reform Bill at mariing kinukundena ang mga kaso ng pang-aabusong militar sa prubinsya.

Disyembre 9. Pinangunahan ng GABRIELA ang pagmamartsa ng mga ina, akay ang kanilang mga anak, patungo sa gusali ng Batasang Pambansa sa Quezon City para tutulan ang cha-cha.

Bigo ang OBL2 sa Quezon


Alaking kasinungalingan ang ipinangangalandakan ng AFP noong katapusan ng 2007 na winasak na raw ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) ang mga larangang gerilya sa Quezon. Ang totoo'y bigo ang OBL2 sa Quezon. Mabilis na umangkop ang mga rebolusyonaryong pwersa sa prubinsya sa pinatinding pananalakay ng kaaway. Sa kalakhan, nagtagumpay ang BHB di lamang sa pagpreserba sa sarili, kundi sa patuloy na pagsusulong ng mga rebolusyonaryong gawain.

Pagwawasto at pag-angkop. Unang binaka ng Partido at pamunuan ng BHB ang naging tunguhin sa konserbatismong militar sa pagharap sa OBL2. Sa ilang larangan, nag-alangan sa simula ang mga kasama sa paglulunsad ng mga opensiba sa pangambang gantihan ng kaaway ang masa. Napatunayan itong mali nang makita nilang dinadahas ng kaaway ang masa kahit hindi sila maglunsad ng mga taktikal na opensiba.

Ang totoo, nagagawang libreng dahasin ng kaaway ang masa kapag di sila nabibira at napaaatras ng hukbong bayan. Mula rito, pinasigla ng hukbong bayan ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba para pahinain at parusahan ang kaaway sa pandarahas sa mamamayan, ipagtanggol ang mga sibilyan

paglaban sa OBL2, matagumpay ding binaka ang tunguhing "gerilyaismo" kung saan naiiwan sa kani-kanyang diskarte ng mga indibidwal na iskwad ng BHB ang paglaban sa OBL2. Isinaayos ang koordinasyon at pagpaplano mula antas-rehiyon hanggang antasplatun upang mabisang maangkupan ang antas-dibisyong pormasyon at plano ng kaaway sa buong rehiyon. Sa pakikipagkoordina sa ibang mga larangan at buong rehiyon, nailunsad ang mas sistematiko at epektibong mga pagbira sa kaaway.

Epektibong paglaban ng BHB. Pangunahing naging paraan ng hukbong bayan sa pagharap sa OBL2 ang paglipat ng mga diin sa gawain at lugar na kokonsentrahan. Alinsunod sa estratehiyang win-hold-win at istilong focus-and-



gang 12 barangay lamang sa bawat larangang gerilya ang kinakayang saklawin ng kaaway sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan. Natukoy at sinamantala ng hukbong bayan ang gayong bulnerabilidad ng kaaway. Pinaunlad ng BHB ang rebolusyonaryong gawain sa mga lugar na walang presensya ang kaaway at nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba sa mahihina at nahihiwalay na yunit ng AFP.

Samantala, naging mapamaraan at pleksible ang BHB upang maipagpatuloy ang ilang gawain kahit sa mga lugar na dinadagsa ng kaaway. Sa tulong ng masa, nanatiling bulag at bingi ang kaaway sa presensya ng hukbong bayan. Nakapagbase pa rin ang mga yunit ng hukbo maging sa mga baryong kinakampuhan at ginagalugad ng kaaway. Doo'y malapitang inoobserbahan ng mga Pulang mandirigma ang kilos ng kaaway.

Matapang na paglaban ng mamamayan. Ang mataas na rebolusyonaryo at palabang diwa ng mga organisasyong masa ang susi sa pag-aaruga at pagtitiyak sa seguridad ng hukbong bayan. Sa harap ng matinding karahasan, tortyur at panggigipit ng kaaway, lalong naging mahigpit ang pag-aaruga at mainit ang suporta ng masa sa kanilang mga mandirigma. Kung may kaaway, kinukupkop at ikinukubli ng masa ang mga kasama. Sa harap ng pananalasa ng kaaway, hinahanap-hanap ng masa ang presensya, proteksyon at payo ng kanilang hukbo.

Hindi sila nadadala ng panlilinlang at kung anu-anong pakulo ng kaaway. Sasakyan nila ang mga pagtatayo ng mga bogus na kooperatiba, pagdaraos ng mga palaro at pakikipagsalu-salo. Subalit pagalis ng kaaway, kanilang ipagpapatuloy ang tunay na makabuluhang mga programa ng kanilang rebolusyonaryong kilusan.

Nagtuluy-tuloy ang pagsapi ng



bagong mga mandirigma sa BHB sa kabila ng pananakot ng kaaway. Hindi naubusan ang mga organisasyong masa ng mga irerekomenda sa kanilang hukbo. Ang kalupitan mismo ng OBL2 ang nagtutulak sa mas maraming mamamayan na sumapi sa hukbo. Masigla ang pagkilos ng milisyang bayan at ang iba'y mahigpit na katuwang sa mga taktikal na opensiba ng BHB. Ang mga taumbaryong pinag-iinitan ng kaaway ay kinukupkop ng hukbong bayan.

Dahil sa hirap na dinaranas ng masa sa katindihan ng mga operasyong militar ng kaaway, mahiqpit nilang kahilingan sa BHB na pagbayarin ang mga berdugo sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga ito. Naipagtagumpay ang mga taktikal na opensibang ito sa mahigpit na tulong ng masa.

Samantala, pagkaalis ng kaaway ay mabilis at epektibo ring inaayos ng rebolusyonaryong kilusan ang mga gusot at kasamaang iniiwan ng AFP sa mga lugar na binabaran nila. Halimbawa nito and masasamand bisyo at mga krimen tulad ng pangangalabaw, nakawan at pagtutulak ng droga na pinawi na ng rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng rebolusyonaryong edukasyon sa mamamayan. Muling isinasagawa ang rebolusyonaryong edukasyon upang himukin ang pagtigil ng mga bisyo at pag-eengganyo sa mga nalulong dito na lumahok sa mga rebolusyonaryong programa. Kaagad ring ninunyutralisa ang mga natutukoy na bahagi ng lambatpaniktik ng kaaway.

Ang bilis ng paglutas sa gayong mga suliranin ay patunay din ng lalim ng pagkakapundar at taas ng antas na inabot ng rebolusyonaryong kilusan sa lugar. AE

Rehimeng Arroyo, hinatulan ng UNHRC

Tinatulan kamakailan ng United Nations Human Rights Committee (UNHRC) ang rehimeng Arroyo ng pagkakasala sa pagkamatay nina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy noong 2003. Kinastigo rin ng UNHRC ang rehimeng Arroyo sa di nito pag-aksyon para mabigyang-lunas ang krimen. Ang UNHRC ang ahensya ng United Nations na sumusubaybay sa pagtalima ng mga bansa sa International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR).

Isinampa ng mga kamag-anak nina Marcellana at Gumanoy ang kaso sa UN noong Marso 2006. Si Marcellana ang pangkalahatang kalihim ng Karapatan sa Southern Tagalog at si Eddie Gumanoy naman ang tagapangulo ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) nang sila at tatlo pa nilang kasamahan ay dukutin ng mga tauhan ng noo'y Maj. Jovito Palparan ng 204th Bde sa Naujan, Oriental Mindoro noong Abril 21, 2003. Naroon sila bilang mga myembro ng isang fact-finding team para siyasatin ang mga ulat hinggil sa paglabag sa karapatang-tao kaugnay ng malawakang operasyong militar sa mga bayan ng Gloria at Pinamalayan. Natagpuan ang kanilang mga bangkay kinabukasan sa bayan ng Bansud. Matapos pahirapan, ang tatlo pa nilang kasamahan ay iniwang nakagapos sa bayan ng Bongabon.

Anang UNHRC, sa kaso nina

Marcellana at Gumanoy ay nilabag ng gubyernong Arroyo ang tatlong artikulo ng ICCPR—ang karapatang mabuhay, karapatang maging malaya at ligtas at karapatan ng mga biktima ng paglabag na mabigyan ng hustisva.

Ang hatol ng UN ay naitaon sa paggunita ng International Day for the Elimination of Violence Against Women noong Nobyembre 25. Ayon sa KARAPATAN, sa 28 tagapagtaquyod ng karapatang-tao na pinaslang sa ilalim ng rehimeng Arroyo, anim ang babae, kabilang si Marcellana. Mayroon ding 107 babaeng biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at 31 babaeng biktima ng pagdukot mula Enero 2001 hanggang Setyembre 2008.

Samantala, isa ang Southern Tagalog sa mga nasentruhan ng mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ni Arroyo. Ayon sa KARA-PATAN, mayorya ng 927 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula 2001 hanggang 2007 at 977 biktima ng pagdukot mula 2001 hanggang sa kasalukuyan ay nagmula sa Southern Tagalog. Naitala





Movement for Justice and Peace ang 298 kaso ng paglabag sa mga karapatan sa pulitika, ekonomya at sibil sa Southern Tagalog sa unang anim na buwan pa lamang ng 2008, kung saan 29,352 ang naging biktima. Dalawampu rito ay mga kaso ng pagpatay at pagdukot.

Ang kasalukuyang pangkalahatang kalihim ng Karapatan-ST na si Doris Cuario ay tinutugis din ngayon ng rehimeng Arroyo. Isa si Cuario sa 72 lider-masa at aktibista ng Southern Tagalog na akusado sa gawa-gawang kasong pagpatay kaugnay ng isang taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 2006 sa Puerto Galera, Mindoro Oriental kung saan dalawang pulis ang napatay. Kasama rin sa 72 akusado si Orly Marcellana, byudo ni Eden at kasalukuyang tagapangulo ng KASAMA-TK at pangkalahatang kalihim ng BA-YAN-Southern Tagalog. Mula nitong Nobyembre ay anim na sa mga akusado ang nakadetine.

Mga paglabag sa iba pang rehiyon. Sa Eastern Visayas, kinundena ni Atty. Kathrina Castillo, pangkalahatang kalihim ng Katungod-Sinirangan Bisayas ang reaksyunaryong militar bilang nangungunang lumalabag sa karapatang-tao sa rehiyon. Aniya, ang AFP ang nasa likod ng lahat ng 123 paglabag sa karapatang-tao sa Eastern Visayas mula Enero hanggang Oktubre 2008. Kabilang dito ang limang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang.

Sa Bicol, umaabot na sa 171 ang bilang ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula 2001 hanggang Nobyembre 2008, ayon kay Ricardo Responde, tagapagsalita ng Bayan Muna

Protektahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao!

Tnihapag ng anim na progresibong kongresista ang isang panukalang $oldsymbol{oldsymbol{L}}$ batas na nagtatakda ng mga karapatan at responsibilidad ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga parusa sa mga ahente ng estado na lalabag sa mga karapatang ito.

Ang House Bill 5600 (HB 5600) ay inihapag noong Disyembre 10. Inihanda iyon nina Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna, Rafael Mariano ng Anakpawis, Liza Maza at Luzviminda Ilagan ng Gabriela Women's Party at Lorenzo Tañada III ng Liberal Party.

Ipinaliwanaq nila na kailangang-kailangan ng ganitong batas dahil sa dami na ng mga paglabag sa karapatang-tao ng mga "human rights defenders." Tinukoy nila ang mga kaso nina Eden Marcellana, Eddie Gumanoy, Leima Fortu at Benjaline Hernandez na pawang brutal na pinaslang. Tatlo rin ang dinukot at hindi pa natatagpuan; pito ang pinagtangkaan ang buhay, siyam ang iligal na inaresto at walo ang iligal na idinetine. Ilampu mula sa kanilang hanay ang binugbog, tinortyur, pinagmalupitan, binastos at inalipusta, binantaan, hinaras at tinakot. Wala pang naparurusahan sa mga salarin.

Ipinaqbabawal sa panukala ang

pagbabansag nang masama sa mga taqapaqtanqqol nq karapatanq-tao, pagmamanman sa kanila, pagbabanta at pananakot. Ang pagbibigay ng mga pahayag na paborable sa mga pinagsususpetsahang lumabag sa karapatang-tao at nakasasama sa mga biktima ay ituturing na katumbas ng pagbibigay ng mga atas sa mga suspek. Ang pagtanggi na magbigay ng kopya ng anumang kinakailangang dokumento sa korteng dumidinig ng kaso ng paglabag sa karapatang-tao ay ipagpapalagay na pagpapatotoo sa paratang na nais patunayan sa pamamagitan ng dokumentong iyon.

Hindi maaaring gamitin ang "pambansang seguridad" "executive privilege" bilang depensa sa paglabag sa karapatan ng mga "human rights defenders." Ang sinumang lumabag sa mga probisyon ng panukala ay papatawan ng parusang 10-17 taong pagkakabilanggo at/o multang ₱100,000.00.

sa rehiyon.

Sa Western Mindanao, kinundena ng Union of People's Lawyers in Mindanao (UPLM) ang mga pagbabanta sa buhay ni Atty. Emiliano Deleverio, pangalawang tagapangulo ng UPLM at masuqid na taqapaqtanggol ng mga karapatang-tao. Nakakatanggap si Deleverio ng mga mensaheng text na nagsasabi sa kanyang mag-ingat sa kanyang mga qinaqawa dahil masyado raw siyang nagugustuhan ng mga tagabundok,

pahiwatiq na pabor siya sa Baqonq Hukbong Bayan.

Si Deleverio ang isa sa mga abuqadong humawak sa kauna-unahang matagumpay na petisyon para sa writ of amparo hinggil sa pagkakadukot sa aktibista ng simbahan at organisador ng Bayan Muna na si Ruel Muñasque sa Dumalinao, Zamboanga del Sur noong Oktubre 2007. Siya rin ang abugado ni Angelina Bisuña-Ipong, kilalang detenidong pulitikal sa Western Mindanao.



Food blockade, ipinapataw ng AFP sa Surigao del Sur

ISANG food blockade ang ipinapataw ngayon ng 401st Bde ng Philippine Army sa mga sibilyan sa mga bulubunduking baryo ng mga bayan ng Lianga at San Agustin sa Surigao del Sur. Pinipigilan din ang pagpasok at paglabas ng mga sibilyan sa naturang lugar. Ayon sa mga ulat ay marami nang sibilyan ang inaaresto at iniimbestigahan ng militar kaugnay ng sunud-sunod na matatagumpay na mga taktikal na opensiba ng BHB sa Lianga. Marami na ring mga magsasaka ang napilitang magbakwit dahil sa pananakot ng AFP.

Piket sa Nestlé, binuwag

BRUTAL na binuwag ng mga pulis ang piket ng mga nagpoprotestang manggagawa sa pabrika ng Nestlé Philippines sa Cabuyao, Laguna noong umaga ng Disyembre 11.

Binatikos ng Union of Filipino Employees (UFE) ng Nestlé Philippines sa isang indignation rally ang marahas na paglusob ng 100 elemento ng Calabarzon Regional Mobile Group at Cabuyao PNP at ang pag-aresto kay Noel Alemania, 43, bise-presidente ng UFE-Nestlé Philippines at pangkalahatang kalihim ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK).

Sinampahan ng alarm and scandal (panliligalig at pag-iiskandalo) at iba pang mga kaso ang lider-obrero sa Biñan Regional Trial Court.

Inilunsad ng mga manggagawa ang kanilang piket para igiit ang kautusan ng Department of Labor noong Nobyembre 28 na bumalik na sa negosasyon ang unyon at ang maneydsment para makabuo ng collective bargaining agreeement (CBA).

Sibilyan, binaril ng sundalo

ISANG sibilyan ang napatay at dalawa ang nasugatan nang walang pakundangang mamaril ang isang sundalo sa Antique. Ang napatay ay si Francisco Tacorda, taga-Barangay Cabladan, Sibalom, Antique samantalang ang mga nasugatan ay sina Apolonio Prado at Barangay Kagawad Elmer Batiles ng Tubudan, San Remigio, Antique. Tinamaan ang mga sibilyan nang basta na lamang paputukin ni Pfc Jerry Davila ang kanyang M16 noong pista ng Barangay Aningalan sa San Remigio nitong Disyembre 6.

Mariing kinundena ng Napoleon Tumagtang Command ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Panay ang 31st Division Reconnaissance Company at ang Philippine Army dahil sa pagbalewala ng mga namumunong upisyal nito sa krimen.

Reponsable rin ang 31st DRC sa pamamaril sa mga sibilyan noong Mayo 2006 sa Barangay Panpanan II, San Remigio na ikinamatay ni Epifania Cabaya, 65 at ikinasugat ng 13 niyang kapamilya, kabilang ang dalawang bata.

Paglabag sa karapatan ng mga bata sa Samar

KINUNDENA ng Efren Martires Command (BHB-Eastern Visayas) and bulaang report ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process na gumagamit umano ang BHB ng mga batang mandirigma at inilalagay sila sa mapanganib na kalagayan tuwing may labanan. Anang komand, iginagalang ng BHB ang pisikal at moral na kapakanan ng mga bata alinsunod sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, mga probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law at iba pang pandaigdigang batas at pamantayan.

Ang rehimeng Arroyo at militar nito ang pinakamatinding lumalabag sa karapatan ng mga bata sa armadong tunggalian, anito. Kadalasang hinaharas at tinotortyur ng mga sundalo ang mga bata at kabataan sa kanayunan at pilit na qinaqawang qiya sa mga operasyong militar. Tinukoy na mga halimbawa sina Jino, 13 at Lino de la Cruz, 11 na pinagmalupitan, binantaan at pinilit ng mga tropa ng 63rd IB na maggiya sa kanilang operasyong militar sa Barangay Carolina, Matuguinao, Samar noong Hulyo 7. Noon namang Setyembre 13, pinagbabaril ng mga tropa ng 46th IB ang magpipinsan na sina JR, 12, Barton, 13, at Ronie, 21 sa Barangay Bayang, San Jorge, Samar. Napatay sa pamamaril si Ronie, kapatid ni JR. Sinunog ng mga sundalo ang kanyang bangkay at ginamit sa paggiya ng lumalapaq na helikopter ang usok mula rito. Daan-daan ding bata ang nagdurusa sa pambobomba ng militar sa kanilang mga komunidad at sa malawakang pagbakwit ng mga sibilyan sa tatlong prubinsya ng isla ng Samar dahil sa pinatinding mga operasyong militar sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 2. ΑB

Walang interes si Arroyo sa usapang pangkapayapaan

Talang ipinakikitang interes ang rehimeng US-Arroyo na kamtin ang pangmatagalang kapayapaan sa pakikipagnegosasyon nito sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Nilalapastangan nito ang mga nakaraang kasunduan at sinisira ang kundisyon para magpatuloy ang prosesong pangkapayapaan.

Ginagamit lamang ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang usapang pangkapayapaan upang siluin ang NDFP sa patibong ng isang walang taning na pangmatagalang tigil-putukan.

Pumasok sa impormal na pakikipag-usap ang NDFP sa mga kinatawan ng GRP nitong huling linggo ng Nobyembre sa layuning muling buhayin ang suspendidong mga pormal na usapang GRP-NDFP. Subalit nabigo ito nang pilit gawing kundisyon ng GRP ang pagpasok ng NDFP sa isang walang taning na pangmatagalang tigil-putukan. Ito ay taliwas sa The Hague Joint Declaration na nagsasaad na walang dapat itakdang kundisyon sa pag-uusap.

Tinanggihan ng NDFP ang kundisyong ito ng GRP. Ang pagpasok sa walang-taning na pangmatagalang tigil-putukan na walang malinaw na nireresolbang mga usaping nasa ugat ng armadong tunggalian ay mangangahulugan lamang ng pagsuko at pasipikasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa. Mababalewala ang lahat ng nakaraang kasunduan at madidiskaril ang anupamang makabuluhang pag-uusap sa mga substantibong adyenda para sa mga repormang sosyo-ekonomiko at pulitikal.

Ayon kay Ka Fidel Agcaoili, pinuno ng NDFP Human Rights Committee at tagapagsalita ng NDFP Negotiating Panel, "Ang totoo at imbing layunin ng pangkating Arroyo-Ermita-Gonzales ay patayin ang usapang pangkapayapaan at

itransporma lamang ito bilang negosasyon para sa tigil-putukan at pagsuko ng NDFP at ng mamamayang Pilipinong nangangailangan at naggigiit ng batayang mga reporma."

Matagal nang sinasalaula ng rehimeng US-Arroyo ang usapang pangkapayapaan. Mula pa noong 2004, tumatanggi na ang Malacañang na tupdin ang napagkasunduang obligasyon nito na igiit ang pagtatanggal ng PKP, ng BHB at kay Kasamang Jose Ma. "Joema" Sison sa listahan ng mga "teroristang organisasyon" ng US. Noong 2007, kasabwat ang mga ahensyang panseguridad ng US at pulisyang Dutch, sinikap pa ng GRP na paluhurin ang NDFP sa pamamagitan ng pagsasampa ng gawagawang kaso laban

kay Ka Joema sa The Netherlands na nagresulta sa pagpapaaresto at 17 araw na detensyon niya roon.

Sa pagpapataw ng
kundisyon sa
pag-uusap,
nilalabag ng
GRP ang The
Hague Joint Declaration ng 1992 na nagtatakda ng mga prinsipyo at magiging takbo ng usapan. Sa walang habas na paglapas-

tangan sa mga karapatang-tao at pagtarget sa partikular ng mga konsultant ng NDFP, nilalapastangan ng GRP ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (na naggagarantiya ng proteksyon sa mga konsultant at istap ng magkabilang panig) at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (na nag-oobliga sa magkabilang panig na respetuhin ang mga karapatang-tao ng mamamayang Pilipino).

Sa harap ng patuloy na pagmamatigas ng GRP sa pasistang adyenda nito sa usapang pangkapayapaan, tinanggap ng National Council ng NDFP ang dalawang puntong rekomendasyon ng NDFP Negotiating Peace Panel:

a) Pagbawi ng NDFP sa dati nitong alok ng pansamantalang tigilputukan tuwing may pormal na mga pulong ang mga negotiating panel dahil pinalalabas ito ng GRP na tanda ng kahandaan ng NDFP na pumasok sa walang taning na tigilputukan nang wala pang mapagpasyang resolusyon sa mga usaping panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika.

NDFP na pumasok sa anumang uri ng pakikipaq-usap GRP nanq walang malinaw na adyenda at daloy ng paq-uusap. Ito ay upang piqilan ang GRP na salaulain ang The Haque Joint Declaration at ang Agree-

ment on Reciprocal

Paqtanqqi

pag-uusap: una, mga repormang

ANG BAYAN Disyembre 21, 2008

Working Committees na nagta-

takda ng adyenda at daloy ng

panlipunan at pang-ekonomya; ikalawa, mga repormang pampulitika at konstitusyunal; at panghuli, ang pagwawakas ng tunggalian at pagsasaayos sa dispusisyon ng mga pwersa.

Sa tulak ng US at mga pasistang upisyal, matagal nang gustong tapusin ng GRP ang pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa NDFP. Subalit gusto nitong isisi sa NDFP ang pagbagsak ng usapang pangkapayapaan. Bigo ang GRP sa bagay na ito dahil sa puspusang pagsisikap ng NDFP na maituloy pa rin ang usapan sa batayan ng nauna nang mga kasunduan, sa matiyagang pagpapaliwanag ng NDFP ng makatarungang panig nito at sa paglalantad ng mga kasinungalingan at malisyosong pakana ng GRP.

Habang lalong lumilitaw na ang kasalukuyang rehimeng US-Arroyo ay wala nang interes sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, nakahanda ang NDFP na hintayin na lamang ang susunod na administrasyon ng GRP

Tigil-putukan nitong Pasko, idineklara ng PKP

Tpatutupad ang limang araw na unilateral na tigil-putukan ng lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula Disyembre 24 hanggang 26 at Disyembre 31 hanggang Enero 1, 2009, ayon saKawanihan sa Impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ang pag-obserba ng tigil-putukan, ayon sa direktiba ng Komite Sentral ng Partido noong Disyembre 19, ay paggalang sa tradisyon ng Pasko ng mamamayang Pilipino. Dagdag dito, magbibigay-daan din ang okasyong ito sa pagdaraos ng mga pagtitipon ng mamamayan sa mahigit 100 larangang gerilya mula sa hilaga hanggang sa katimugan ng bansa para ipagdiwang ang ika-40 anibersaryo ng muling pagtatatag ng PKP sa Disyembre 26, 2008.

Gayunman, pinaalalahanan ng Komite Sentral ng Partido ang BHB na maging mapagmatyag laban sa inaasahang pagtatraydor ng rehimeng US-Arroyo at mga pasistang armadong tropa. Bagamat may nauna nang idineklarang suspension of offensive military operations (SOMO) ang AFP, nagsisilbing komoplahe lamang ito sa pagmamanman ng militar sa galaw ng masa at mga rebolusyonaryong pwersa sa mga lugar na pagdadausan ng mga selebrasyon ng anibersaryo ng Partido.

Isinasapanganib ng AFP ang mga bihag-ng-digma

Binatikos ng Bagong Hukbong Bayan-Southern Mindanao Region (BHB-SMR) si Jesus Dureza, Press Secretary ng Malacañang nang ianunsyo niya noong Disyembre 11 na itutuluy-tuloy ng militar ang mga operasyon nito sa Davao Oriental sa halip na makipagnegosasyon para sa ligtas na pagpapalaya sa dalawang bihag-ng-digma na kasalukuyang nasa pangangalaga ng BHB.

Alinsunod sa utos ng Malacañang at ng mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP), mahigit 4,000 tropang militar o walong batalyon ng AFP ang sumusuyod sa buong Southern Mindanao sa walang-saysay na tangkang "iligtas" ang dalawang bihag ng digma. Ito'y sa kabila ng matinding kahilingan ng dalawang bihag na kasalukuyang hawak ng BHB sa rehiyon na itigil ang mga operasyong militar para mapadali ang pagpapalaya sa kanila.

Ang pagtangging idaan sa

usapan ang pagpapalaya sa dalawang bihag ay nagpapakita na hindi interesado ang rehimeng Arroyo sa kapakanan ng dalawa nilang upisyal. Mas mahalaga sa kanila ang mapagtakpan ang mga kahihiyan ng AFP at PNP sa sunud-sunod na mga tagumpay ng BHB sa rehiyon.

Bago ito, inilabas ng BHB-SMR ang isang video clip na naglalaman ng pahayag ni PO3 Eduardo Tumol noong Disyembre 8. Sa naturang video, hiningi ni Tumol sa mga upisyal ng PNP at AFP na pansamantalang itiqil ang mga operasyong mi-

litar sa Davao Oriental. Ito ang magbibigay-daan para sa maayos at ligtas na pagpapalaya sa kanya at kanyang kapwa bihag-ng-digma na si 1Lt. Vicente Cammayo.

Kasabay nito, sumulat ang National Democratic Front-SMR sa mga asawa nina Tumol at Cammayo para ipaabot na ligtas ang kanilang mga asawa at tinitiyak ang kanilang mga karapatan. Ipinaliwanag nito ang prosesong dinadaanan ngayon ng kanilang mga asawa bilang mga upisyal ng mga espesyal na yunit ng AFP at PNP.

Dahil sa kanilang katayuan sa pamunuan, direkta ang kanilang pananagutan sa mga operasyon na nagdulot ng mga paglabag sa karapatang-tao sa napakaraming sibilyan sa mga lugar kung saan sila nakaasayn. Ang mga paglabag na ito ay masusing iniimbestigahan at pinag-aaralan ngayon ng rebolusyonaryong hukuman. Ang mga resulta nito ay ipapaalam sa publiko.



Mga aksyong militar ng BHB

 ${f I}$ lang mga aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao, Bicol, Panay at Mindoro bago matapos ang taon.

Disyembre 18. Isang elemento ng CAFGU ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan nang salakayin ng mga Pulang mandirigma bandang alas-10:30 ng umaga ang detatsment ng CAFGU sa Paquibato District, Davao City.

Disyembre 15, madaling araw. Walang nagawa ang mga elemento ng 58th IB at Special Civilian Armed Auxiliary (SCAA) nang sunugin ng BHB ang heavy equipment ng Surigao Development Corp. (Sudecor). Parusa ito sa Sudecor sa pagkakalbo nito sa kagubatan ng Surigao del Sur, di makatarungang pagtrato nito sa mga manggagawa nito at pang-aabuso ng 58th IB-SCAA sa mga lumad at magsasaka sa lugar.

Disyembre 14. Isang sundalong kabilang sa 23rd Military Intelligence Company (MICO) ang napatay nang tambangan siya ng BHB sa isla ng Mindoro. Nangyari ang ambus bandang alas-2:30 ng hapon habang naniniktik ang militar sa Barangay Santa Teresita, Mansalay, Mindoro Oriental.

Nagtangkang sumaklolo ang isang upisyal ng Philippine National Police (PNP) ng Mansalay subalit siya ay hinarang at dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma.

Sa Agusan del Sur, isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang isnaypin ng mga mandirigma ng BHB sa Front 14 ang detatsment ng 23rd IB-CAA sa Sityo Masabong, Barangay Bayugan 3, Bunawan.

Disyembre 13. Isang sundalo ang napa-

tay at isa pa ang nasugatan nang ambusin ng mga Pulang mandirigma ang komboy ng mga sundalo sa Barangay San Isidro, Bulan, Sorsogon. Papabalik sana ang mga sundalo sa kanilang kampo nang sila'y tambangan dakong alas-3:30 ng hapon.

Disyembre 11. Limang sundalo ng 36th IB ang napatay at maraming tropa ang nasugatan nang ambusin ng BHB ang isang kolum ng yunit militar na ito na nag-ooperasyon sa logging area sa Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Nakasamsam ang BHB ng isang M16 at limang pak. Ang 36th IB av bahagi ng pwersang militar na responsable sa pamamaslang ng mga inosenteng sibilyan sa Bislig City, Bunawan at Rosario sa Agusan del Sur. Kakutsaba rin ng 36th IB ang ilang upisyal ng lokal na gubyerno, DENR at mga illegal logger na responsable sa pagkakalbo ng kagubatan sa dipterocarp Forest Research Institute at watershed area sa kulumpon ng mga bayan ng Bislig-Tagbi**Disyembre 9.** Nasamsam ng BHB ang isang *shotgun* nang disarmahan nito ang mga abusadong gwardya sa *fishpond* na pagmamayari ng mga pamilyang Dy Ty Ban at Libarios sa Barangay Can-aga, Malimono, Surigao del Norte.

Disyembre 8. Dalawang sundalo ng 31st DRC (Division Reconnaissance Company) ng Philippine Army ang nasugatan nang maengkwentro ng yunit nila sa Barangay Passi, Igbaras, Iloilo ang mga Pulang mandirigma ng Napoleon Tumagtang Command ng BHB-Southern Iloilo. Walang kaswalti at ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma pagkatapos ng limang minutong putukan. Walang nagawa ang tatlong kolum ng ipinangangalandakang "piling pwersa" ng 3rd Infantry Division o kahit ang dalawang seksyon ng 47th IB na malapit lamang sa lugar na pinangyarihan. Itinaon sa gabi ang pagdadala sa ospital ng militar sa dalawang sugatang tropa ngunit nakita pa rin ang mga ito ng mga taumbaryo.

Disyembre 7. Dalawang sundalo ang nasugatan nang harasin ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang isang detatsment ng militar sa Monkayo, Com-





Patung-patong ang kaswalti ng AFP laban sa MILF-BIAF

Dumarami ang mga kaswalti ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) bunsod ng sunud-sunod na mga engkwentro sa Moro Islamic Liberation Front-Bangsamoro Islamic Armed Forces (MILF-BIAF) nitong unang hati ng Disyembre. Ayon sa pinakahuling mga ulat, umaabot na sa 56 ang namamatay na tropa ng AFP sa mga engkwentro nito sa mga *mujahideen* (o mandirigma) ng BIAF.

Walong sundalo ang napatay nang salakayin ng AFP ang kuta ng MILF-BIAF sa Piagapo, Lanao del Sur noong Disyembre 16. Dalawang mujahideen ang namatay sa mahigit siyam na oras na labanan.

Ayon sa MILF, napilitang magdepensa ang BIAF nang salakayin ng AFP ang isa nitong yunit sa ilalim ni Abdullah Macapaar (Kumander Bravo) sa Piagapo. Dalawa ang napatay sa militar habang tatlong kaswalti naman ang natamo ng BIAF sa labanang sumiklab sa Barangay Bansayan, Piagapo.

Tinambangan ng mga mujahideen ng 102nd Base Command-BI-AF ang mga elemento ng AFP sa Barangay Pantaon, Munai, Lanao del Norte bandang alas-11 ng umaga noong Disyembre 11. Limang sundalo ang napatay at di mabilang ang mga nasugatan. Nagpaulan ng mortar ang mga militar.

Noong Disyembre 9 ng umaga, umabot naman sa 43 sundalo ng 8th Marine Landing Battalion Team (8th MLBT) ang napatay nang makasagupa nito ang mga mandirigma ng First Brigade, 114th Base Command ng MILF-BIAF sa Barangay Kailih, Al Barka, Basilan. Gumamit ng mga helicopter gunship ang mga Marine bilang suporta sa kanilang operasyon na tumigil lamang bago magtakipsilim. Naghulog ng apat na bomba ang AFP at muntik tamaan ang isang evacuation center. Ilang bahay din ang sinunoq ng mga elemento ng 8th MLBT sa Sityo Bakisung sa nasabing lugar.

AFP ang may kagagawan sa pagpapasabog sa Iligan-MILF

MGA ahenteng militar ng gubyernong Arroyo ang may kagagawan sa dalawang pagpapasabog ng bomba sa Iligan City noong Disyembre 18 na ikinamatay ng dalawa katao at ikinasugat ng 48, ayon sa Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Ayon sa isang pahayag nitong Disyembre 20 sa *luwaran*, ang *website* ng MILF, nakatanggap ang MILF ng "A-1 intelligence report" mula mismo sa Camp Aguinaldo na ibibintang ang mga pagsabog na

iyon kina Kumander Bravo, Kumander Umbra Kato at iba pang kumander ng MILF. Layon nitong mabigyang-rason ang paglulunsad ng mas malalaki at sustenidong atake laban sa kanila sa 2009. Napinalisa umano ang nasabing plano matapos mabigyan ang AFP ng dagdag na badyet at magatungan ang pagkamuhi ng publiko sa MILF bunga ng serye ng pagpapasabog sa Mindanao na pawang ibinibintang sa "special operations group" ng MILF at Jemaah Islamiyah.

Resesyon, magtatagal pa nang ilang taon

INAMIN nitong unang linggo ng Disyembre sa mga upisyal na datos ng ekonomya ng US na bumagsak na ito sa resesyon mula pa noong Disyembre 2007. Matapos ang 0.5% pagbagsak ng ekonomya noong Hunyo-Agosto, tinatayang aabot ng 4% ang ibinagsak ng ekonomya ng US nitong huling kwarto ng 2008. Ang matagalang resesyon o depresyon ay katatangian ng tuluy-tuloy na pagbagsak ng produksyon at paglala ng disempleyo.

Umabot sa 533,000 manggagawa sa US ang nawalan ng trabaho nitong Nobyembre bunga ng pagtumal ng manupaktura sa pinakamababang antas mula 1982. Tumaas ang tantos sa disempleyo tungong 6.7% mula 6.5% noong Oktubre. Umabot na sa 1.9 milyon ang nasisante ngayong taon. Hindi inaaasahang makababawi ang manupaktura hanggang sa ikalawang kwarto ng 2010. Lalala pa ang tantos ng disempleyo tungong 8.7-9.5% sa susunod na dalawang taon.

Binabatbat ng resesyon ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang ekonomya ng Germany, ay tinatayang kikitid nang 3% sa 2009, pinakamalala na mula katapusan ng gerang pandaigdig. Kumitid rin nang 1.8% ang ekonomya ng Japan nitong ikatlong kwarto ng 2008. Sa unang pagkakataon nitong nagdaang pitong taon, bumagsak nang 2.2% ang mga eksport ng China nitong Nobyembre bunga ng pagtumal ng demand mula sa US. Bunga nito, inaasahang tuluyang babagsak ang manupaktura na magreresulta sa pagkawala ng milyun-milyong trabaho.



Bush, binato ng sapatos

HINDI pinalampas ng isang peryodistang Iraqi ang pagkakataong ipalasap ang pinakamatinding insulto kay Pres. George W. Bush ng US—ang pagbato ng sapatos. Nangyari ito noong Disyembre 14 sa isang press conference sa Baghdad kung saan magsasalita sina Bush at ang tuta nitong prime minister ng Iraq na si Nuri al-Maliki.

Bago pa man makapagsalita ang dalawa, ibinato ni Mundathar al-Zaidi, 28, isang reporter sa telebisyon, ang kanyang dalawang sapatos kay Bush, sabay sigaw ng "Hoy aso! Heto ang halik ng paalam sa iyo." [Here's your goodbye kiss, you dog] Ito ang ganti ng maraming byuda, mga ulila at namatay dahil sa iyong gera." Sa kulturang Arabo, pinakamatinding insulto ang paluin o batuhin ng sapatos at tawaging aso.

Agad namang hinuli ng mga pulis at ikinulong si al-Zaidi. Posible raw makulong siya nang apat hanggang pitong taon dahil sa di pagrespeto sa isang nasa kapangyarihan. Ayon sa kapatid at abugado nito, natortyur si al-Zaidi at marami siyang pasa sa katawan.

Itinuturing ngayong bayani ng mga Arabo si al-Zaidi dahil sa ginawa niya. Araw-araw ang kanilang demonstrasyon para igiit ang kanyang paglaya. Inalok rin siya ni Pres. Hugo Chavez ng Venezuela ng sanctuary kung sakaling makalaya siya sa kulungan.

Gloria, binato ng tsinelas. Samantala, sabay-sabay na binato ng mga tsinelas at sapatos ang larawan ni Gloria Arroyo sa harap ng tanggapan ng Department of Foreign Affairs nitong Disyembre 18, katulad ng ginawang pagbato ng sapatos sa amo nitong si Bush. Ang pagbato sa larawan ni Arroyo ay bahagi ng protestang isinagawa ng mga kasapi ng Migrante International bilang pagkundena sa pag-abandona ng rehimen sa interes ng mga migranteng manggagawa.

Ecuador, di magbabayad ng utang

NAGPASYA nitong Disyembre 15 ang gubyerno ng Ecuador na di nito babayaran ang \$31 milyong interes sa \$3.9 bilyong utang ng bansa sa dayuhang mga bangko. Itinuturing ng gubyernong Ecuador na "imoral" ang naturang mga utang dahil sangkot dito ang mga kaso ng korapsyon.

Isinailalim sa pag-awdit ang lahat ng pampinansyang transaksyon ng Ecuador sa mga dayuhang bangko mula 1976 hanggang 2006. Natuklasan na nagkaroon ng kriminal na mga paglabag ang nakaraang mga gubyerno dahil sa pagbenta nito ng mga utang sa mga pension funds, hedge funds at iba pang dayuhang mamumuhunan.

Ayon sa gubyerno rito, walang kinalaman ang hindi pagbayad ng Ecuador sa anumang problema nito sa pinansya. May sapat na kita ang Ecuador mula sa pag-eeksport nito ng langis at kaya nitong magbayad ng utang.

Itinataguyod ng Ecuador ang islogang "life before debt," (buhay bago utang) na sinusuportahan ng mamamayang Ecuadorean. Handa ang bansa na harapin ang anumang imbestigasyon at kaakibat na paglilitis sa hakbang na ito.

Ito ang pangalawang pagkakataon na hindi magbabayad ang Ecuador ng dayuhang utang sa loob ng isang dekada.

Mga pag-aalsa, sumiklab sa Greece

SUMIKLAB sa iba't ibang lunsod ng Greece ang mga pag-aalsa nitong ikalawang linggo ng Disyembre. Nagsilbing mitsa dito ang pagkakapatay ng mga pulis sa isang 16 anyos na kabataan sa Athens noong Disyembre 6.

Unang sumiklab ang mga pag-aalsa sa Exarchia sa Athens, na kadalasang pinangyayarihan ng mga labanan ng mga pulis at militanteng mga grupo. Daandaang kabataan ang naghagis ng mga *molotov* sa mga istasyon ng pulis, tindahan at bangko. Mabilis na kumalat ang pag-aalsa sa mahigit 12 pang mga syudad. Mahigit 200 nang kabataan ang inaaresto mula noon.

Hindi simpleng reaksyon sa pagkakapaslang ng pulis sa isang kabataan ang serye ng mga pagaalsa. Malaon nang galit na galit ang mamamayang Greek dahil sa sunud-sunod ring mga iskandalo sa korapsyon na kinasasangkutan ng matataas na upisyal ng gubyerno, matinding krisis sa ekonomya, laganap na disempleyo at matinding kriminalidad.

Ang pag-aalsa pagkalao'y lumawak sa serye ng mga welga at kilos-protesta ng mga estudyante, quro at manggagawa na nagpapahayaq ng kanilang disgusto sa malalang krisis sa ekonomya at mga patakaran ng qubyerno. Sinamantala rin ng mga lider ng oposisyon ang malawakang pagaalsa para iqiit ang kanilang panawagang maglunsad ng mas maagang eleksyon para palitan na ang konserbatibong gubyerno ni Prime Minister Kostas Karamanlis. Naglunsad rin ng mga demonstrasyon sa iba't ibang bansa sa Europe bilang suporta.



Taon XXXIX Blg. 24 Disyembre 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Lalong inutil na "pagpapalawig" sa CARP


uwad ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa 20 taong pagsasakatuparan nito, nanatiling konsentrado ang malalawak na lupain sa kamay ng iilan. Binigyang-daan nito hindi ang pagpapalaya sa masang magsasaka, kundi ang higit pang rekonsentrasyon ng pag-aari sa lupa sa kamay ng mga luma at bagong malalaking panginoong maylupa. Lalo pa nitong ibinaon ang

mga magsasaka sa kahirapan at pagkaapi bunsod ng itinaguyod rin nitong maka-imperyalistang liberalisasyon sa agrikultura. Ibayo pang nabundat ang mga naghahari sa Malacañang sa pangungurakot sa pondo ng CARP.

Walang pinakinabangan ang masang magsasaka sa CARP sa buong panahon ng pagsasakatuparan nito. Lalong wala silang pakikinabangan sa pagpapalawig nito nang anim pang buwan. Walang ibang nilalayon ang Kongreso sa pagpapalawig nito kundi ang limasin ang natitira pa nitong pondong nakalaan sa umano'y mga "serbisyong pang-agrikultura."

Napakalaking kabulastugan ang resolusyon ng Kongreso na yaon na lamang mga lupaing boluntaryong isasailalim ng mga asendero sa CARP ang sasaklawin ng pagpapalawig nito. Tuluyang inilibre na sa CARP ang malalaking asendero na tu-

mututol na magpasaklaw dito. Nanguna sa pagtutulak ng ibayo pang pagkapon sa CARP ang kongresistang anak ni Gloria Arroyo na si Mikey. Pinakalayunin ng Malacañang na ilibre sa CARP ang malalawak na tubuhan ng mga Arroyo sa Negros na plano nilang gamitin sa paggawa ng *bio-ethanol*. Bunga nito, asahang dadagsain ang Department of Agrarian Reform ng mga



Mga tampok sa isyung ito...

Kampanyang kontracha-cha, sumusulong PAHINA 4 Rehimeng Arroyo, hinatulan ng UNHRC PAHINA 7 Tigil putukan nitong Pasko, idineklara ng PKP PAHINA 11

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*